maaaring mga ulila, may kapansanan, biyuda o biyudo, mga matatanda, walang mga hanapbuhay o yaong inabutan ng sakuna o kalamidad. Maaari silang bigyan ng pansamantala o pirmihang panggastos ayon sa kanilang pangangailangan, at maaari rin silang ipagpatayo ng matitirahan at mag-upa ng mga taong mangangalaga sa kanila.

2. Ang mga Miskin (Dukha). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Sinuman ang hindi nakakukuha nang sapat upang tugunan ang kanyang pangangailangan, nguni't hindi namamalimos o hindi nakikita sa kanya ang pagiging mahirap, siya ay isinasaalang-alang bilang Miskin (dukha)." Mula sa Hadith na ito, ang isang Miskin ay isang taong mahirap, nguni't dahil sa kanyang paggalang sa sarili hindi niya magawang humingi o mamalimos. Kaya ang sambayanang Muslim ay nararapat magsiyasat kung sino ang mga taong ganito ang kalagayan upang matulungan sa kanilang pangangailangan.

3. Ang mga tagapamahala ng Zakah. Sila ang mga taong itinalaga ng Islamikong Pamahalaan na maglikom at mamahagi ng Zakah ay dapat ding bigyan mula sa kaban ng Zakah, kahit pa man din sila ay may kayamanang umabot sa Nisab o hindi.

4. Mga pusong dapat pagyamanin. Ito ay nauukol sa pagbibigay-tulong sa mga taong ang puso ay malapit sa Islam. Maaari silang mga di-Muslim o mga bagong Muslim sa pag-asang lumakas ang kanilang pananalig sa Islam upang makapaglingkod sa kapakanan ng Islam at ng sambayanang Muslim.

5. Ang pagpapalaya ng alipin. Sila ang mga taong nagnanasang makalaya mula sa pagkakaalipin. At dahil sa panahon ngayon ay wala ng ganitong kalakaran, ang dapat bigyan ay yaong mga taong nakakulong nang dahil sa kanilang walang kakayahang magbayad sa itinakdang salapi ng korte. Sila ay maaaring nakakulong dahil sila ay nagkaroon ng mga aksidente.

6. Mga taong baon sa utang. Sila ang mga taong baon sa utang at wala ng pag-asang makaipon pa upang bayaran ang kanilang pagkakautang. Hindi nito sakop ang isang taong nagkautang dahil sa kanyang kapritso at walang katuturang paggasta. Bagkus, sila ang

**{At hindi ba nila nakita na Kami ay gumawa ng ligtas na kanlungan (ang lungsod ng Makkah), at hinuhuli ang mga tao sa kapaligiran nito?...}. [Qurán 29:67]**

## Ang Dalangin ni Propeta Ibrahim at Ismail.

**{At (tandaan)! Nang Aming ginawa ang (Banal na) Tahanan (sa Makkah) bilang himpilan ng sangkatauhan at isang pook ng katiwasayan. At gawin ninyong pook dalanginan ang Maqam Ibrahim (kinatatayuan ni Abraham), at Aming inutusan sina Ibrahim at Ismail (Ismael) na gawin nilang dalisay ang Aking Tahanan (ang Ka'bah sa Makkah) para sa mga nagsasagawa ng Tawaf (pag-ikot sa Ka'bah), at nagsasagawa ng I`tikaf (pananatili sa Masjid) at sa mga yumuyuko, na nagpapatirapa (ng kanilang mga sarili sa pagdarasal).**

**At (tandaan)! Nang si Ibrahim ay nagsabi: "Aking Panginoon, gawin Mo ang bayang ito (Makkah) na pook ng katiwasayan, at biyayaan Mo ang mga mamamayan nito ng mga bunga, sa sinuman sa kanila na naniwala sa Allah at sa kabilang buhay." Siya (Allah) ay nagsabi: "At sinuman ang nagtakwil ng pananampalataya ay bibigyan Ko ng panandaliang kaginhawahan at pagkaraan ay pipilitin Ko siya sa parusa ng Apoy, at tunay na kalunus-lunos na hantungan!**

**At (tandaan)! Nang si Ibrahim at (kanyang anak na si) Ismail ay itinatayo ang mga haligi ng Tahanan (ang Ka'bah sa Makkah), (na nagsasabing): Aming Panginoon! Tanggapin Mo mula sa amin (itong pagtalima). Tunay na Ikaw ang palakinig, ang Maalam.**

**Aming Panginoon! Gawin Mo kaming kapwang sumusuko at tumatalima sa Iyo, at ang ilan sa lipon ng aming mga supling na isang mamamayang sumusuko at tumatalima sa Iyo, at ipakita Mo sa amin ang Manasik namin (ang wastong paraan ng pagsasagawa ng Hajj). At tanggapin Mo ang aming pagsisisi. Tunay na Ikaw ang tumatanggap ng pagsisisi, ang Maawain.**

**Aming Panginoon! Padalhan Mo sila ng isang Sugo (Muhammad ﷺ) na buhat sa kanila na bibigkas sa kanila ng Iyong mga Ayat (talata) at magtuturo sa kanila ng Aklat (ang Qur'an) at Hikmah**

sa kanyang isipan ang mataimtim na pagnanasang sumamba sa Allah. Kaya, ang mga sumusunod na gawain ay ipinagbabawal:

1. Ang pakikipagtalik o anumang seksual na ugnayan.
2. Ang pag-aasawa o pakikipagkasunduan sa pag-aasawa.
3. Ang pagpatay sa mga hayop at pangangaso (hunting).
4. Ang alisin ang alinmang buhok sa anumang bahagi ng katawan nang walang legal na kadahilanan.
5. Ang maglagay ng pabango (ang natitirang pabango sa katawan sa unang paglalagay nito habang nagsusuot ng Ihram ay pinahihintulutan).
6. Ang mag-alis o magputol ng kuko sa kamay at paa.
7. Ang magsuot ng damit na may tahi o kinulayan (ito ay ipinagbabawal sa lalaki lamang).

Ang paliligo, paggamit ng payong o anumang silungan, ay pinahihintulutan.

## At-Talbiyah (Tinig ng Pagdakila sa Diyos)

Ang sigaw ng bawa't nagsasagawa ng Hajj ay:

"Labbaik allaahumma Labbaik, labbaika, laa sharika laka labbaik, innal hamda wan ni`mata laka wal mulk, laa sharika lak."[1]

Dito ay muling nagbibigay paalaala ang tunay na diwa ng pagsamba na unang ginawa ni Propeta Ibrahim (Abraham) at Ismail (Ismael).

## Ang Tatlong Uri ng Hajj

1. Hajj at-Tamattu'.

   Ito ay nauukol sa sinumang may layuning magsagawa muna ng Umrah bago isagawa ang Hajj. Magsusuot siya ng Ihram para sa Umrah, at aalisin niya ito kapag natapos na siya sa pagsagawa ng Umrah. Sa unang araw ng Hajj (ika-8 araw ng Dhul-Hijjah) kanyang isusuot muli ang kanyang Ihram para sa pagsagawa niya ng Hajj. Sa ganitong uri ng Hajj, ang pag-aalay ng isang tupa o ikapitong bahagi

1 (Narito ako, O Allah, narito ako! Narito ako, wala Kang katambal, narito ako! Katotohanan, ang pagpupuri, biyaya at kapamahalaan ay Sumaiyo lamang, wala Kang katambal!)

